


9

Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Noli Me Tangere Ang Buod



**Filipino– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan– Modyul 2: Noli Me Tangere – Ang Buod
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag saan mang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
PangalawangKalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ruben D. Escudero, Jr., Rhodora L. Woo
Editor:	Lindo O. Adasa, Jr., Susan S. Bellido Philip D. Caermare, July G. Saguin
Tagasuri:	Jephone P. Yorong
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamilar, Jr.
Tagalapat:	Peter A. Alavanza, Jannibal A. Lojero
Tagapamahala:	Dr. Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo Ella Grace M. Tagupa Jephone P. Yorong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Inilimbag sa Pilipinas ng Departamento ng Edukasyon-Rehiyon IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

Email Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Noli Me Tangere Ang Buod

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Maligayang araw! Kumusta? Binabati ka namin at natapos mo nang napakadali ang unang modyul sa Noli Me Tangere nakatitiyak kami na marami kang napulot na mabubuting aral. Muli, ako ang iyong kaibigang si Ben at si kasamang Rhodora, sasamahan ka sa iyong pagtahak sa landas tungo sa pagtuklas ng bagong kaalaman at karunungan ng may galak ang puso at gagabay sa iyo sa pagsasatao sa mga kawili-wili at katangi-tanging katangiang taglay ng mga pinakaimportanteng tauhan sa nobela. Sa pamamagitan ng modyul na ito ay sisikapin namin na itaas ang sulo ng kaalaman upang ito ay maging tanglaw sa daang iyong tatahakin nang sa ganoon ay makamit mo ang iyong minimithing pagkatuto. Batid naming hindi naging madali sa atin ang kasalukuyang kalagayan kung saan hindi lamang ang ating pasensya ang lubhang sinusubok ngayong sa panahon ng pandaigdigang pandemya kundi lalong-lalo na ang ating paniniwala at pananampalaya sa Poong Maykapal. Nawa'y ang mga kaisipan at talinghagang ating mapupulot sa araling ito ay lalo pang magpapatibay at magpapatatag sa ating mga puso't isipan upang harapang labanan ang pagsubok na ito.

Sa pamamagitan ng mga kaganapan sa bawat kabanatang ating mababasa halaw sa nobela ay tatangayin ka sa daloy at bugso ng iyong damdamin na pakiwari mo'y duduyanin ka pabalik sa kapanahonan at lugar kung kailan at saan isinulat ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal ang nobelang ito. Maaaninag mo ang mga kaganapan sa lipunan noon na kusang didilat sa iyong mga mata upang makita mo mismo sa iyong mga mata ang mga kapuna-punang pangyayari noon sa kanilang kapanahonan na nag-udyok Kay Gat Jose Rizal at iba pang mga bayani na gawin ang nararapat sa ikabubuti ng mga kapwa Pilipino at ng inang bayan.




Matagal na panahon ang inilaan ni Gat. Jose Rizal para tapusin ang obrang nobelang ito. Kung naging matagumpay man si Gat Jose Rizal sa kanyang mabuting hangarin na pukawin ang damdamin ng bawat Pilipino at idilat ang mga mata sa lantarang pang-aabuso at pagmamalabis, inaasahan na sa pamamagitan pa rin ng nobelang ito ay isasakatuparan pa rin natin ang kaniyang mithiin.

Ipinabatid sa atin ng nobela na hindi sa lahat ng panahon at pagkakataon magtatagumpay ang pakikipaglaban gamit ang dahas kundi, sa maraming pagkakataon, napapatunayan na mas mabisa ang paggamit ng wikang nakabalot ng talinghaga sa pakikipaglaban para magkakaroon ng kapayapaan at pagkakaisa.

Alam namin na sabik ka nang ipagpatuloy ang pagtalakay sa nobelang “Noli Me Tangere”. Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:



1. nabibigay-patunay na may pagkakatulad/pagkakaiba ang binasang akda sa ilang napanood na telenobela **(F9PD-Iva-b-55)**;
2. nagagamit ang mga angkop na salita/ekspresyon sa:
 Paglalarawan
 Paglalahad ng sariling pananaw
 Pag-iisa-isa
 Pagpapatunay **(F9WG-Iva-b-57)**;
3. nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami **(F9PS-Iva-b-58)**;
4. naitatala ang nalikom na datos sa pananaliksik **(F9PU-IVa-b-58)**.



Subukin

Halina't ating sukatin ang iyong nakaimbak na kaalaman ukol sa Noli Me Tangere sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa ilang pangyayari sa kasalukuyan. Subuking sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa paunang pagtataya.

Panuto: Basahin at pagnilayan ang mga sumusunod na may kaugnayan sa kasalukuyang kaganapan sa lipuna't pamahalaan. Sagutin ang mga katanungan at isulat ang sagot sa inyong kuwaderno. Ang iyong sagot ay bibigyang puntos batay sa sumusunod ng mga pamantayan:

Pamantayan sa Pagmamarka


Kraytirya	Deskripsiyon	Puntos
Nilalaman	Tama at wasto ang impormasyon na nakapaloob sa sagot, malalim at malinaw ang pagkalalahad ng opinyon o repleksiyon ukol sa sitwasyon.	5
Organisasyon	Simple at organisado ang pagkakalahad ng ideya at opinyon at may kaayosan at magkakaugnay ang mga pangungusap.	5
Kabuuan		10 Puntos

5 – Napakahusay
2 – Di Mahusay

4 – Mahusay
1 – Maramingkakulangan

3 – Katamtaman

- Mag-isip ng isang telenobela na napanood na may mga eksena/kaganapan na sa tingin mo may pagkakahawig sa mga kaganapan sa Noli Me Tangere. Punahin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Noli Me Tangere at ng telenobelang napanood kung ano ang uri at sistema ng pamamalakad ng pamahalaan ang pag-uusapan. Gawin lamang ang Graphic Organizer sa ibaba.



- Gaano nga ba kahalaga ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos ng bawat Pilipino mula noon magpahanggang ngayon? Paano ipinapakita ng bawat Pilipino ang kanyang malalim na pagpapahalaga sa kaniyang paniniwala at pananampalataya? Ipaliwanag.

Sagot:

3. Magtala ng dalawang kaganapan o sistwasyon halaw sa nobelang Noli Me Tangere kung saan ipinapakita ang pagmamalupit sa kapuwa at ipaliwanag kung bakit nangyari o hindi dapat nangyari ang mga malupit na kaganapang yaon.

Sagot:

4. Sa iyong palagay, nasusukat ba sa yaman o sa dami ng pera o ari-arian ng isang tao ang kanyang pagkatao? Alin ang mas matimbang sa iyo na sa palagay mo'y mas mahalaga sa panahong kasalukuyan, dunong o ginto? Ipaliwanag.

Sagot:

5. Ano-ano sa iyong palagay ang mga katangiang isinasatao ng dalawang sakristang sina Basilio at Crispin at sa kasalukuyang konteksto, kung ikaw ay pagbibintangan ng kasalanang hindi mo nagawa katulad ng pagpapatang kina Basilio at Crispin na mas lalo pang nagpapahirap sa kanila, paano mo ito haharapin? Ipaliwanag.

Sagot:

Aralin

1

NOLI ME TANGERE

Ang Buod


Sa pagkakataong ito ay muli nating sasariwain at mababalikan ang mga mahahalaga at kritikal na kaganapan sa nobela at parating maalala ang mga malagingintong kaisipang naging gabay ng napakaraming Pilipino sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay at naghulma marahil ng kanilang pagkatao. Higit nating mabatid at lubusan nating maiintindihan at subukang isasatao ang talinghaga ng mga aral na nakapaloob sa Noli Me Tangere lalong-lalo na ang mga kaisipang may kaugnayan sa lipunang ating kasalukuyang ginagalawan, ang pagpapalalim natin sa ating pananampalataya sa Diyos, lubusang pag-intindi sa mga kalupitang dulot ng galit at poot, pang-aabuso ng dahil sa kayamanan, at pagsasakripisyo't pagdadalamhati ng dahil sa kahirapan. Batid kong sabik ka nang malaman ang mga ito.




Balikan

Kaakibat na marahil ng maraming mga Pilipino sa kanilang pamumuhay sa araw-araw ang kanilang paniniwala sa mga mahahalagang aral na nakakubli sa likod ng bawat kaganapan sa Noli kung saan isa ito sa nagsisilbing gabay sa kanilang buhay maging sa pagkamit ng kanilang mga pangarap o sa paghatol ng mga desisyon sa buhay. Hindi gaano ka tingkad ang kulay ng ating mga bahaghari sa buhay kung wala ni isang aral ang pinaniniwalaan natin. Ngayon, bilang paghahanda sa pagtuklas natin ng mga bagong kaalaman sa buhay ay babalikan muna natin ang mahalaga ring aralin na tinalakay na natin.

1. Magbigay ng isang mahalagang kasabihan na halaw mula sa Noli Me Tangere na sa palagay mo ay makatutulong bilang gabay hindi lamang sa iyong sarili kundi pati na rin sa ikabubuti ng lipunan na iyong ginagalawan. Gumuhit ng isang malaking araw at isulat ang kasabihang ito at ang inyong pananaw, sariling kongklusyon sa gitna ng araw. Sa bawat silahis nito ay isulat ang magiging mabuting maidudulot nito sa iyong buhay at sa nakararami.



2. Mag-isip ng tatlong kaganapan sa nobelang *Noli Me Tangere* o hindi kaya ay sa telenobelang napapanood kung saan may hindi pagkakaintindihan ang mga tauhan kaugnay sa kanilang paniniwala at mithiin. Pumili ng tauhang papanigan at isulat ang iyong sariling pananaw o kongklusyon kaugnay sa pananaw rin ng pinapanigan. Gawin ang hinihingi sa *Rain Organizer* sa ibaba.



Tuklasin

Bilang paghahanda sa pagtatalakay natin sa aralin ngayong araw at bago natin basahin ang buod ng nobelang *Noli Me Tangere* ay bigyan muna natin katuturan ang mga piling salita na mababasa.

Panuto: Basahin at pag-aralan ang mga salitang binigyang kahulugan sa ibaba at gamitin ang bawat isa sa pangungusap.

1. Gunitain – Isipin

Pangungusap: _____

2. Sakdal – Kaso

Pangungusap: _____

3. Pagkasindak – Pagkatakot

Pangungusap: _____

4. Inihuhugos – Inihuhulog

Pangungusap: _____

5. Nasdawi – Namatay

Pangungusap: _____

Matapos mong gamitin ang bawat salita sa pangungusap at lubusang naiintindihan ang mga ito, alam kong handang-handa ka na para sa ating aralin ngayong araw! Paano kaya minulat ng nobelang Noli ang mga mata ng mga Pilipino para idilat sa lantarang pang-aapi at pang-aabuso ng mga makapangyarihan?

NOLI ME TANGERE

Ang Buod

Si Crisostomo Ibarra ay isang binatang Pilipino na nag-aaral sa Europa. Pitong taon siyang namalagi doon bago umuwi sa Pilipinas. Isang salo-salo ang idinaos sa bahay ni Kapitan Tiyago na dinaluhan nina Padre Damaso, Padre Sibyla, Tinyente Guevarra, Donya Victorina at ilang matataas na tao sa lipunang Kastila. Sa pagtitipong yaon ay hiniya ni Padre Damaso ang binatang si Ibarra sa harap ng hapag ngunit di ito pinansin ng binata at magalang na nagpaalam at sinabing siya ay may mahalagang gawain.

Si Ibarra ay may kasintahan na nagngangalang Maria Clara na anak ni Kapitan Tiyago na kilalang mayaman sa Binondo. Kinabukasan, dumalaw ang binata sa dalaga sa tahanan nito. Sa asotea nag-ulayaw ang dalawa at ginunita ang simula ng kanilang pag-iibigan na nagsimula sa kanilang pagkabata. Binasa ng dalaga sa harap ng binata ang liham ng binate na binigay niya bago siya nagpunta ng Europa. Ipinakita naman ng binata ang dahon ng sambong na handog ni Maria Clara sa kanya. Bago nagtungo si Ibarra sa San Diego ay ipinagtapat sa kanya ni Tinyente Guevarra ng Gwardiya Sibil ang tungkol sa pagkamatay ng kanyang amang si Don Rafael Ibarra, ang mayamang tao sa bayang iyon. Ayon sa Tinyente, si Don Rafael ay pinaratangan na erehe at pilibustero ni Padre Damaso gawa ng di pagsisimba at pangungumpisal. May isang pangyayari na nakadagdag pa sa paratang na kung saan may isang maniningil ng buwis ng nakaaway ng isang bata na nakita ni Don Rafael at ito ay kanyang tinulungan. Nagalit ang kubrador at sila ang nagpanlaban. Sa kasamaang palad ang ulo ng kubrador ay tumama sa bato na ikinamatay nito. Ibinintang ang pagkamatay ng Kastila kay Don Rafael, pinag-uusig siya, nagsulputan ang kanyang mga lihim na kaaway at nagharap ng iba't ibang sakdal. Siya ay nabilanggo. Napawalang-sala siya sa pagkamatay ng Kastila sa kadahilanang ang huli ay namatay sa altapresyon ngunit si Don Rafael ay nagkasakit at namatay sa bilangguan. Inilibing si Don Rafael sa libingan ng mga Katoliko ngunit ito ay ipinahukay ni Padre Damaso sa tagapaglibing at inutusan na ibaon sa libingan ng mga Intsik. Umuulan noon at sa kabigatan ng bangkay ay ipinasya ng tagapaglibing na itapon na lamang sa lawa.

Walang balak na maghiganti si Ibarra sa ginawa ni Padre Damaso at sa halip ay ipinagpatuloy niya ang pagpapatayo ng paaralan. Sa pagdiriwang ng paghugos ng unang bato sa ginawang paaralan ay kamuntik ng mapahamak si Ibarra kung hindi siya nailigtas ni Elias. Sa paglagapak ng bato habang ito'y inihuhugos ay hindi si Ibarra ang nasawi kundi ang taong binayaran ng lihim na kaaway ng binata. Muling pinasaringan ni Padre Damaso si Ibarra. Hindi na

lamang sana ito papansinin ng binata subalit nang hamakin ang alaala ng kanyang ama ay hindi na siya nakapagpigil at tinangkang saksakin ang pari ngunit siya'y napigilan ni Maria Clara. Dahil sa pangyayaring ito ay itiniwalag o ineskomonyon si Ibarra ng Arsobispo ng simbahang Katoliko Romano. Ikinasaya ito ni Padre Damaso at sinamantala ang pagkakataon upang utusan si Kapitan Tiyago na sirain ang kasunduan sa pagpapakasal nina Ibarra at Maria Clara. Nais ng pari na ang mapangasawa ng dalaga ay si Linares na isang binatang Kastila na bagong dating sa Pilipinas.

Takot na takot si Maria Clara sa gumuhong bato noong araw ng pagdiriwang at nagkasakit siya at naglubha. Dahil sa gamot na ipinadala ni Ibarra na siyang ipinainom ni Sinang, gumaling agad ang sakit ng dalaga.

Sa tulong ng Kapitan Heneral ay napawalang-bisa ang pagkakaeskomulgado ni Ibarra at ipinasya ng arsobispo na muli siyang tanggapin sa simbahang Katoliko. Ngunit nagkataon na sinalakay ng mga taong pinag-uusig ang kwartel ng sibil at ito'y ibinintang kay Ibarra kaya siya muling hinuli at binilanggo. Walang kinalaman si Ibarra sa pangyayaring iyon dahil noong siya'y kausapin ni Elias napamunuan ang mga pinag-uusig ay tahasan niya itong tinanggihan at sinabing kailanman ay hindi siya maaaring mamuno sa mga taong kumakatawan sa bayan. Napawalang-bisa ang bintang kay Ibarra sapagkat sa paglilitis na ginawa walang ni isa man sa mga pinag-uusig ang nagsasabing kasabwat ang binata sa kaguluhan. Subalit, ang liham ni Ibarra para kay Maria Clara ay napasakamay ng hukuman ang siyang ginawang kasangkapan upang siya ay idiin kaya siya ay nakulong.


Nagkaroon ng handaan sa bahay ni Kapitan Tiyago upang ihayag ang kasunduan na pagpapakasal ni Maria Clara at Linares. Sa kabilang dako ay nagkaroon ng pagkakataon si Ibarra na makatakas sa bilangguan sa tulong ni Elias. Bago tuluyang lumayo ay nagkaroon ng pagkakataon si Ibarra na makausap si Maria Clara nang lingid sa kaalaman ng iba. Sinabi niya kay Maria Clara na ipinagkaloob na niya ang kalayaan nito at sana'y lumigaya siya at matahimik ang kalooban. Ipinaliwanag ni Maria Clara na ang liham na kanyang iniingatan at siyang ginamit na ebidensiya sa hukuman ay nakuha sa kanya sa pamamagitan ng pagbabanta't pananakot. Ang liham ay ipinalit sa dalawang liham na isinulat ng kanyang ina bago siya ipinanganak na nakuha ni Padre Salvi sa kumbento. Nakasaad sa liham na iyon na ang tunay na ama ni Maria Clara ay si Padre Damaso. Ayon sa kanya ang pagpapakasal niya kay Linares ay upang ipagtanggol ang karangalan ng kanyang ina subalit sa kanyang puso mananatili si Ibarra.

Tumakas si Ibarra sa tulong ni Elias. Lulan ng bangka, pinahiga si Ibarra at tinabunan ng damo at pagkatapos ay tinahak ang Ilog Pasig hanggang makarating sa Lawa ng Bay ngunit sila ay naabutan ng tumutugis sa kanila. Inisip ni Elias na iligaw ang mga ito kaya naisipan niyang lumundag sa tubig kung saan inakalang si Ibarra ang tumalon kaya hinabol at pinaputukan siya ng mga sibil hanggang mahawi ang bakas ng pagkakalangoy at magkulay-dugo ang tubig.

Napag-alaman ni Maria Clara na si Ibarra ay napatay ng mga sibil sa kanyang pagtakas. Ang dalaga ay nalungkot at nawalan ng pag-asa kaya't hiniling niya kay Padre Damaso na siya'y ipasok sa kumbento ng Santa Clara upang magmadre. Napilitang pumayag ang pari sapagkat sinabi ng dalaga na siya'y magpapakamatay kapag di pinayagan.

Noche Buena noon nang makarating si Elias sa maalamat na gubat ng mga Ibarra, sugatan at nanghihina, doon niya nakatagpo si Basilio at ina nitong wala ng buhay. Ibinilin ni Elias kay Basilio na hukayin ang kayamanan na kanyang ibinaon. Inutusan din niya na sunugin ang bangkay niya at ng ina nito. Humarap si Elias sa Silangan at nagwikang "Mamatay akong hindi ko man lamang masilayan ang ningning ng bukang-liwayway ng aking Inang Bayan. Kayong mapapalad na makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalimutan ang mga nalugmok at nasawi sa dilim ng gabi".

Sa pagwawakas ng nobela, si Maria Clara ay pumasok sa kumbento. Si Padre Damaso ay nakatanggap ng liham na siya ay inilipat sa isang malayong lalawigan na siya niyang dinamdam at kinabukasan natagpuan siyang patay at si Padre Salvi ay naghihintay na maging Obispo. Si Kapitan Tiyago ay dumanas ng pahihirap ng damdamin, nangangayayat, mapag-isip, madalas manlumo at nalulong sa baraha, sabong at paghitit ng opyum. Si Linares ay namatay dahil sa disenterya. Walang makapagsabi sa naging kapalaran ni Maria Clara sa loob ng kumbento.



Suriin

Alalahanin ang mga mahahalagang kaganapan sa buod ng mga kabanata ng Noli Me Tangere. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa kuwaderno.

1. Binanggit ni Don Rafael sa kanyang huling ipinadalang liham sa kanyang anak na nag-aaral noon sa Europa na huwag itong mag-alala at magtaka kung hindi na raw ito makakasulat sa kanya dahil magiging abala ito sa mga gawain. Ano ang tunay na dahilan kung bakit hindi na nakasusulat pa ang Don kay Ibarra? Ipaliwanag.


2. Nag-iibigan sina Ibarra at Maria Clara ngunit dumating ang panahon na ipapadala si Ibarra sa ibang bansa para doon na mag-aaral. Bakit sa halip na malulungkot ang dalawa nang dahil sila ay magkahihiwalay ay nagiging masaya pa sila sa balita na kanilang narining mula sa kanilang mga magulang? Anong balita ito? Ipaliwanag.

3. Bagamat nagpapansinan ang kura at ang alperes kapag nagkakasalubong ang dalawa, paano ipinapakita ng dalawa ang kanilang pag-aagawan sa kapangyarihan? Gaano ba kahalaga ang kapangyarihan sa dalawang ito? Bakit? Ipaliwanag.

4. Paano ipinapakita at ipinadama sa mga mambabasa ang pagmamahal ni Basilio sa kanyang nakababatang kapatid na si Crispin na sinasaktan ng sakristan mayor dahil sa pinagbintangan itong nagnakaw ng dalawang onsa? Ipaliwanag.

5. Paano mo mapatutunayan ang pagkapagiging ulirang ina at asawa ni Sisa?

6. Ilahad at ipaliwanag ang paniniwala nila na kinakailangang makinig sa sermon ni Padre Damaso.



Pagyamanin

Gawain 1

Nakapaloob sa kahon sa ibaba ang mga pangalan ng mga mahalagang tauhan sa buod na iyong binasa. Basahin ang mga pahayag at piliin ang tamang sagot na nakapaloob sa kahon at isulat ang tamang sagot sa patlang.

Crisostomo Ibarra	Crispin	Don Rafael Ibarra	
Maria Clara	Kapitan Tiyago	Padre Damaso	Basilio
Sakristan Mayor	Sisa	Tinyente Guevarra	

- ___ 1. Sinimulan niya ang sermon pagkatapos niyang titigan si Ibarra at ibaling ang paningin sa mga taong handang making sa sermon,
- ___ 2. Siya ang nagparatang sa isa sa dalawang sakristan na nagnakaw diumano ito ng dalawang onsa.
- ___ 3. May lihim na kaaway sa kabila ng kabaitan nito. Pinaratangan siya at kinulong at nagpadala ng liham sa anak na baka hindi na siya makasusulat dahil magiging abala sa mga gawain.
- ___ 4. Itinakwil ang pagiging isang Pilipino at itinuturing ang sarili na Kastilang tunay. Tanyag sa pagiging mayaman pero hindi isang cacique.
- ___ 5. Sakristan na pinaratangang nagnakaw diumano ng dalawang onsa.
- ___ 6. Ipinasok sa beateryo ng Sta. Catalina ang noong labing-apat na dalagang lumuhang nagpaalam kay Padre Damaso at saka sa kababata nitong si Crisostomo Ibarra.
- ___ 7. Nagbabala at nagpaalala kay Ibarra na mag-ingat upang hindi matulad sa sinapit na kapalaran ng kanyang ama.
- ___ 8. Napupuna niya ang kawalang pagsulong sa kanyang bayan sa loob ng pitong walong pagkakawalay.
- ___ 9. Tanging siya lamang ang nagmamalasakit na buhayin ang kanilang mga anak dahil ang walang puso niyang asawa ay nagpalaboy-laboy lamang at pagkalulong sa bisyo ang inaatupag sa buhay.
- ___ 10. Rinig na rinig niya ang daing ng kanyang kapatid na sinisigawan, sinasampal at sinasaktan at ang kabog ng katawan na humihingi ng saklolo.

Gawain 2

Isulat sa loob ng kahon ang salitang “**Totoo**” kung ang pangyayari mula sa akdang tinalakay ay nagaganap hanggang sa kasalukuyan at isulat ang “**Hindi Totoo**” kung ang pangyayari ay hindi nagaganap sa kasalukuyan. Ipaliwanag din ang patunay mula sa mga pangyayari sa nobela.

1. Gaano man kabuti at kabait ang isang tao ay may lihim pa rin itong kaaway na hindi nasisiyahan at nainggiti sa kanyang kabaitan at kabutihang ipinapakita sa kapwa.

Patunay:

2. Dahil sa sariling ambisyon at interes, may mga taong handang itakwil ang magagandang gawi tingalain lamang at magkakaroon ng kapangyarihan sa lipunan.

Patunay:

3. Uunlad lamang ang isang bayan kung ang mga namumuno nito ay nagkakaisa at hindi nag-aagawan at naglalamangan ng kapangyarihan.

Patunay:

4. Parte ng lipunan ang pang-aapi at pagpapatang ng kasalanan ng iilan sa mga taong dukha at mangmang.


Patunay:

5. Likas sa isang ina ang handang magtiis para lamang sa ikabubuti ng kanyang mga anak.

Patunay:

6. Dapat mayroong pagkakasundo sa pagitan ng simbahan at pamahalaan para sa ikauunlad ng bayan at ang bawat isa ay may matatag na paniniwala sa Diyos.



Patunay:



Isaisip

Sigurado akong marami kang natutunan sa araling ito na tumatak sa iyong isipan katulad ng pagmamahal sa bayan at matatag na pananampalataya sa Diyos. Itala ang mga ito sa iyong kuwaderno.

Panuto: Gamit ang graphic organizer sa ibaba ay punan ng mahahalagang kaisipan ang mga kahon, mga natutunang aral at impormasyon hinggil sa nobela.



Isagawa

Mula sa nobelang Noli Me Tangere ay may mga kaisipang nakatago na bagamat tumpak sa mga kaganapan sa nobela ay swak din ito sa kasalukuyang panahon. Subuking ilahad ang iyong pananaw at kongklusyon ng bawat pahayag na may kaugnayan sa iyong sarili at sa lipunan.

Pamantayan sa Pagmamarka

Kraytirya	Deskripsiyon	Puntos
Nilalaman	Tama at wasto ang impormasyong nakapaloob sa sagot, malalim at malinaw ang pagkalalahad ng opinyon o repleksiyon ukol sa sitwasyon.	5
Organisasyon	Simple at organisado ang pagkakalahad ng ideya at opinyon at may kaayos at magkakaugnay ang mgapangungusap.	5
Kabuuan		10 Puntos

5 – Napakahusay

2 – Di Mahusay

4 – Mahusay

1 – Maramingkakulangan

3 – Katamtaman

Galingan Mo 1!

1. Dahil sa sariling ambisyon at interes, may mga taong handang itakwil ang magagandang gawi titingalain lamang at magkakaroon ng kapangyarihan sa lipunan.

2. Uunlad lamang ang isang bayan kung ang mga namumuno nito ay nagkakaisa at hindi nag-aagawan at naglalamangan ng kapangyarihan.

3. Dapat mayroong pagkakasundo sa pagitan ng simbahan at pamahalaan para sa ikauunlad ng bayan at dapat din na ang bawat isa ay may matatag na paniniwala sa Diyos.

4. Gaano man kabuti at kabait ang isang tao ay may lihim pa rin itong kaaway na hindi nasisiyahan at inggit sa kanyang kabaitan at kabutihang ipinapakita sa kapwa.

5. Likas sa isang ina ang handang magtiis para lamang sa ikabubuti ng kanyang mga anak.

6. Parte ng lipunan ang pang-aapi at pagpapatang ng kasalanan ng iilan sa mga taong dukha at mangmang.


Galingan Mo 2!

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay na tumutugon sa problemang kinakaharap ng mga pinakaimportanteng tauhan sa nobela. Sa pagsulat nito ay isaalang-alang ang paggamit ng mga angkop na salita/ekspresyon sa:

- paglalarawan
- paglalahad ng sariling pananaw
- pag-iisa-isa
- pagpapatunay

Rubric sa Pagsulat ng Sanaysay

Pamantayan	Deskripsyon	Puntos
Nilalaman	Naglalaman ng kahalagahan ng bawat tauhan sa mga kabanatang nabasa.	5
Gramatika	Gumagamit ng mga angkop na salita o ekspresyon sa paglalarawan, paglalahad ng sariling pananaw, pag-iisa-isa, at pagpapatunay.	5
Organisasyon	Mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya.	5
Mensahe sa mambabasa	Mabisa ang mensaheng naipaparating sa mambabasa.	5
Kabuoan		20
5 – Napakahusay 4 – Mahusay 3 – Katamtaman 2 – Hindi gaanongmahusay 1 – Hindi mahusay		



Tayahin

Ganap mo nang natutunan ang mga kinakailangan na kaalaman kaya susukatin natin ngayon ang iyong kahusayan sa bagong kasanayang napag-aralan.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangyayari at iugnay ito sa mga kaganapan sa kasalukuyang panahon. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

1. Marangal na tao ang ama ni Crisostomo Ibarra na si Don Rafael Ibarra at dahil likas lamang ang kabaitan nito sa kanyang kapwa ay nainggiti at lalong nagalit dito ang kanyang mga kaaway.

- A. May mga taong naiinggiti sa taong nagpapakita ng tunay na kabaitan sa kapwa.
- B. Walang may gusto sa taong marangal at mabait.
- C. Madalas pinaparatangan at binabato ng masamang isyu ang taong marangal.
- D. May mga taong lihim na nainggiti at nagalit sa iyong pagiging marangal at mabait at pinaparatangan ka ngunit hinding-hindi matatakpan ng kahit anumang paratang ang iyong kabaitan dahil likas na naipapakita ito sa pamamagitan ng iyong kilos at gawa.

2. Bagamat Pilipinong-Pilipino sa dugo at hitsura si Kapitan Tiyago pero matagal na niyang itinakwil ang pagiging isang Pilipino at itinuturing ang sarili na Kastilang tunay.

- A. May mga taong pilit na itinatago ang tunay na pagkatao.
- B. Tinatago ng isang tao ang kanyang tunay na pagkatao para lang tingalain sa lipunan.
- C. Ang pagbabalat-kayo ay makatutulong sa isang tao.
- D. Itinago ang tunay na kulay at itakwil ang tunay na pagkatao para lang mapabilang sa mga maimpluwensiya at makapangyarihan.

3. Pinaratagan si Crispin ng sakristan mayor na nagnakaw ng dalawang onsa, sinampal at kinaladkad at hindi pinapauwi sa kanilang bahay sa gabing yaon kung hindi ilitaw ang ninakaw diumano nito bilang isang kaparusahan.

- A. May mga tao lang talagang madali sa kanila ang magbintang sa kanilang kapwa.
- B. Isang magandang katangian ng isang tao ang mapagbintang sa kapwa.
- C. Ang pagsampal at pagkaladkad ay ang nararapat na kaparusahan.
- D. Ang pagiging mapagbintang at nanakit ng kapwa tao ay hindi magandang katangian.

4. Tanging si Sisa lamang ang nagmamalasakit na buhayin ang kanilang mga anak dahil ang walang puso niyang asawa ay nagpalaboy-laboy lamang at nagpakalulong sa bisyo ang inaatupag sa buhay.

- A. Hindi responsibilidad ng isang ama ang buhayin ang pamilya.
- B. Kayang tiisin ng isang ina ang lahat ng mga pasakit sa buhay para lang sa ikabubuti ng kaniyang anak.
- C. Hindi masama ang pagbibisyo kung ito man ay ikaliligaya ng isang tao.
- D. Iniidolo na ngayon ang mga asawang sugarol at lasinggero.


5. Kahit na matinding magkalaban ang alperes at ang kura ay-nagbabatian at nagpaplastikan naman ang dalawa kapag nagkikita sila pero sa pagtalikod nila ay gumagawa ng sarili nilang higanti na ikasasama ng bawat isa.

- A. Mayroong pagkakaintindihan dapat ang alperes at ang kura upang may pagkakaisa at magtutulungan ang simbahan at pamahalaan para sa ikauunlad ng bayan.
- B. Hindi dapat nagpapansinan ang dalawang taong magkatunggali sa kapangyarihan.
- C. Ang ipinakita ng dalawa ay dapat tularan ng marami.
- D. Nararapat lamang na kalabanin ng alperes ang kura.

Ikalawang Bahagi

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa kwaderno.

1. Pinuntahan ng mag-anak ang libing ng ama na matagal ng namayapa. Nag-alay sila ng bulaklak, kandila at panalangin. Ang sitwasyon ay nagpapakita ng kaugaliang _____.
 - A. Paggalang sa matatanda
 - B. Bayanihan
 - C. Pag-alala sa yumao
 - D. Paggalang sa karapatan ng mga Pilipino
2. Sama-samang naghahapunan ang pamilya Cruz. Ang ganitong gawain ay nagpapakita ng _____.
 - A. Pagkakaisa ng pamilya
 - B. Bagkakawatak-watak ng pamilya
 - C. bayanihan
 - D. Amor propio
3. Ano ang ugaling namayani sa pahayag na ito “Maaari ba kitang malimot?” sabay titig ng malagkit at buo ng pananabik sa mga mata ng dalaga.” Paano ko tatalikuran ang isang sumpa? Isang banal na sumpa. Paano kita malilimot? Kasama kong lagi ang iyong alaala at siyang nagligtas sa akin sa lahat ng panganib sa paglalakbay. Naaalala ba kita? Ang aliwalas ng langit ng Italya ang nagpapagunita sa akin ng iyong mata...ng iyong ngiti.
 - A. Paggalang sa babae
 - B. Pagmamahal sa sinisinta
 - C. Pagiging tapat sa iniilog
 - D. Pagiging sinungaling
4. Tuwing pista ay dinadayo ang tahanan ni Mang Juan dahil marami siyang handaan at mga pakulo. Ipinapakita sa pahayag ang _____.
 - A. Magarbo ng mga Pilipino
 - B. Pagkahilig sa magarbong handaan
 - C. Di pahuhuli ang pamilya ni Juan
 - D. May malaking lugar sa langit ang paghahanda ng bongga.
5. “Hindi ka nagkakamali,” sabi ng prayle. “Pero kailanman ay hindi ko naging matalik na kaibigan ang iyong ama.” Nanatiling kalmado lang si Ibarra sa paghamak ng pari. Si Ibarra ay may _____.
 - A. Galit sa matanda
 - B. Paggalang sa matanda
 - C. Mapangmataas sa matanda
 - D. Walang pakialam sa matanda



Karagdagan Gawain

Gawin Mo 1

Lingid sa kaalaman ng marami, nakararanas din ng pandemya si Gat. Jose Rizal sa kanyang kapanahonan habang siya ay nasa Europa. Magsagawa ng isang saliksik at sumulat ng komposisyon kaugnay sa pandemyang dulot ng COVID-19 at itala sa ibaba sa pamamagitan ng isang komposisyon ang iyong nalilikom na datos kaugnay nito.

Pamantayan sa Pagmamarka

Kraytirya	Deskripsiyon	Puntos
Nilalaman	Tama at wasto ang impormasyong nakapaloob, malalim at malinaw ang pagkalahad.	5
Organisasyon	Simple at organisado ang pagkalahad at may kaayosan at magkakaugnay ang mgapangungusap.	5
Kabuuan		10 Puntos

5 – Napakahusay

4 – Mahusay


3 – Katamtaman


2 – Di Mahusay

1 – Maramingkakulangan

Gawin Mo 2

Sa kasalukuyan ay binalot ng *COVID-19 Pandemic* ang buong mundo at isa ang Pilipinas sa mga bansa kung saan mataas ang kaso ng mga nagka COVID-19. Magtala ng tatlong mahahalagang datos na nakalap mo sa iyong pananaliksisk ukol sa pandemyang ito at ilahad din ang epekto ng mga datos na ito. Ilahad rin kung gaano ka lala ang epektong dulot ng pandemya. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno. (Halimbawa: bilang ng mga namatay, naging biktima, gumaling) Sundin lamang ang gabay na grapiko sa ibaba. (5 puntos)





Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin
Gawain 1
1. Padre Damaso
2. Sakristan Mayor
3. Don Rafael Ibarra
4. Kapitan Tiyago
5. Crispin
6. Maria Clara
7. Tiyente Guevarra
8. Crisostomo Ibarra
9. Sisa
10. Basilio

Tayahin
Unang Bahagi
1. D
2. D
3. A
4. B
5. A
Ikalawang bahagi
1. C
2. A
3. C
4. B
5. B

Sanggunian

Aklat

Dillague, Nora M. et al. 1996. Modyul sa Noli Me Tangere, Quezon City:
Souvenir Production Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *